



JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ADDRESS 2
ANYTOWN CA 90000

XX/XX/XXXX

Mahalagang Impormasyon

Natatanggap mo ang liham na ito dahil mayroon kang KAPWANG Medicare at Medi-Cal. Nagbabago ang paraan kung paano mo makukuha ang pag-aalaga sa kalusugan mo. Mas marami ka nang mga pagpipilian upang matugunan ang mga pangangailangan mo sa pag-aalaga ng kalusugan.

Ito ang ikalawang liham na nagsasabi sa iyo tungkol sa mga bago mong pagpipilian. Maaari kang pumili ng isang planong Cal MediConnect, o piliing manatili sa isang regular na Medicare. Kung pinili mong manatili sa regular na Medicare, dapat kang pumili ng isang planong pangkalusugang Medi-Cal para sa iyong mga benepisyong Medi-Cal. Kapag hindi ka pumili, pipili kami ng isa sa mga plano ng Cal MediConnect para sa iyo.

Batay sa mga nakaraan mong serbisyo at mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan, naitalaga ka sa Cal MediConnect na planong pinangalanan sa ibaba. Maliban kung pinili mong manatili sa regular na Medicare, wala kang kailangang gawin at ang sakop mo sa planong ito ay magkakabisa sa

MM/DD/YYYY: [Health Plan Name]

Paano ako maaapektuhan ng pagbabagong ito?

Ang pag-enroll sa isang planong Cal MediConnect ay:

- Magpapanatili sa iyong mga banepisyo ng Medicare o Medi-Cal nang walang ekstrang gastos.
- Panatiliin lahat ng mga serbisyo o benepisyo na natatangggap mo ngayon.
- Tiyakin na lahat ng iyong mga doktor, espesyalista at mga ibang tagapagbigay ay magtutulongan upang maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo.
- Magbigay ng karagdagang mga benepisyo sa transportasyon at paningin.



Paano makakatulong sa akin ang isang planong Cal MediConnect?

Nagaganap ang pagbabago upang mas mahusay na gumana nang magkasama ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal at mas mahusay gumagana ito para sa iyo.

Kasama sa mga pagpipilian mo ay:

1. **Pag-enroll sa isang planong Cal MediConnect.** Sinasakop ng mga planong Cal MediConnect ang mga serbisyo ng kapwa Medicare at Medi-Cal. Kapag sumali ka sa isang planong Cal MediConnect, makakatanggap ka ng In-Home Supportive Services (IHSS), Multipurpose Senior Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at pag-aalaga sa nursing home sa pamamagitan ng planong Cal MediConnect. Sakop din nila ang pag-aalaga ng pagtingin at transportasyon. Magtatrabaho kasama ng iyong mga doktor at tagapagbigay ang planong Cal MediConnect para matiyak na makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo.
2. **Pag-enroll sa Program of All-Inclusive Care for the Elderly (PACE).** Kung ikaw ay 55 o mas matanda at kailangan ng mas mataas na lebel ng pag-aalaga upang tumira sa bahay, maaari kang sumali sa PACE. Nagbibigay ang PACE ng lahat ng mga banepisyo ng Medicare at Medi-Cal at ilan pang ekstrang serbisyo upang matulungan ang mga senior na may mga kundisyong hindi gumagaling na tumira sa bahay.
3. **Pag-enroll lang sa isang planong pangkalusugang Medi-Cal.** Kapag pinili mong manatili sa regular na Medicare, hindi ka itatalaga sa isang Cal MediConnect na plano, ngunit dapat ka pa ring pumili ng isang planong pangkalusugan upang makatanggap ng Medi-Cal. Ang pagsali sa isang planong Medi-Cal ay magpapahintulot sa iyong panatiliin ang iyong mga doktor at ospital sa Medicare at hindi ka mawawalan ng anumang mga serbisyo. Makakatanggap ka ng In-Home Supportive Services (IHSS), Multipurpose Senior Services Program (MSSP), Community-Based Adult Services (CBAS), at pag-aalaga sa pasilidad ng nursing sa kabuuan ng plano.

Ano ang dapat kong gawin ngayon?

Repasuhin ang tatlong pagpipilian sa itaas at magpasya kung ano ang pinakamahusay para sa iyo. Gamitin ang Health Plan Guidebook at Choice Book na kasama sa mail mula sa Health Care Options para tulungan ka. Tanungin ang iyong mga doktor at ibang mga tagapagbigay ng pag-aalaga sa kalusugan kung aling mga plano sila nagtatrabaho.

Wala kang kailangang gawin upang sumali sa Cal MediConnect na plano sa ibaba.

Kung ayaw mong mag-enroll sa [Health Plan Name,] maaari kang makipag-ugnayan sa Health Care Options upang pumili ng ibang Cal MediConnect na plano o manatili sa regular na Medicare. Makipag-ugnayan sa Health Care Options bago ang

MM/DD/YYYY.

Tumawag sa Health Care Options sa numero sa ibaba O sa pamamagitan ng pagpuno sa numero sa ibaba O sa pagpuno at pagpapadala sa amin ng Choice Form gamit ang nakalakip na sobre. Ang form na ito ay nasa iyong Choice Book na kasama sa ipinadala mula sa Health Care Options.

Para sa tulong o karagdagang impormasyon

Kung nais mong makipag-usap sa isang tagapagpayo sa insurance na pangkalusugan tungkol sa mga pagpipilian mo, tumawag sa **California Health Insurance Counseling & Advocacy Program (HICAP) sa 1-800-434-0222.**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Medicare, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Kung gusto mong pumili ng ibang Cal MediConnect na plano, manatili sa regular na Medicare, o makuha ang liham na ito sa ibang wika o kahaliling format – katulad ng malaking print, audio, o Braille, mangyaring tumawag sa Health Care Options Lunes-Biyernes 8am-5pm sa 1-844-580-7272 o sa TTY sa: 1-800-430-7077

Kung kailangan mo ng karagdagang tulong, tumawag sa **Cal MediConnect Ombudsman** sa 1-855-501-3077. Ang numerong ito ay gagana mula sa 4/1/2014.

Mga Madalas Itanong at Mga Sagot

1. Ano ang kaibhan sa pagitan ng Medicare at ng Medi-Cal?

Ang Medicare at ang Medi-Cal ay dalawang magkakahiwalay na programa na sumasakop sa magkakaibang mga serbisyo para sa mga nararapat na indibiduwal. Sa pagsali sa isang Cal MediConnect na plano, mas mahusay magkasamang gumana ang mga benepisyo ng Medicare at Medi-Cal at mas mahusay gumagana ito para sa iyo.

- Sinasakop ng **Medicare** ang mga serbisyong medikal katulad ng mga doktor, espesyalista, ospital, at mga de-resetang gamot. Sinasakop din ng Medicare ang ilang medikal na kagamitan at pantahanang kalusugan.
- Sinasakop ng **Medi-Cal** ang anumang mga gastos na hindi binabayaran ng Medicare, kabilang ang:
 - a. Mga Maibabawas,
 - b. IHSS, CBAS, MSSP, at pag-aalaga sa nursing home,
 - c. Transportasyon sa mga medikal na appointment,
 - d. Medikal na kagamitan at mga supply, katulad ng mga benda o lampin.

2. Ano ang mga benepisyo ng pag-enroll sa isang Cal MediConnect na plano?

- Makukuha mo ang lahat ng iyong mga benepisyong Medicare at Medi-Cal sa isang planong pangkalusugan, kabilang ang mga doktor, ospital at mga de-resetang gamot.
- Makakakuha ka ng isang card sa pagmimiyembro at isang numero ng teleponong tatawagan kapag kailangan mo ng tulong.
- Makakakuha ka ng pag-aalaga sa pagtingin at transportasyon papunta sa mga medikal na appointment.
- Maaari kang tumawag sa isang 24-oras na linya ng payo ng nurse para sa tulong.
- Maaari kang makakuha ng coordinator sa pag-aalaga. Sasagutin ng taong ito ang iyong mga tanong, tutulungan kang makahanap ng mga serbisyo sa komunidad, tutulungan kang gawin ang iyong mga medikal na appointment, at tutulungan kang makipag-usap sa iyong mga doktor.
- Ang iyong Cal MediConnect na plano ay magtatanong sa iyo tungkol sa mga pangangailangan mo sa pag-aalaga ng kalusugan at makikipagtrabaho kasama mo upang lumikha ng plano sa personal na pag-aalaga batay sa mga layunin mo.

3. Paano ako makatitiyak na magpapatuloy ang aking pag-aalaga matapos akong sumali sa Cal MediConnect na plano?

Inaatasan ang iyong bagong Cal MediConnect na plano upang tiyakin na matanggap mo ang de-kalidad na pag-aalagang kailangan mo. Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong Cal MediConnect na plano matapos kang mag-enroll upang matuto tungkol sa iyong mga pangangailangan sa pag-aalaga ng kalusugan. Makikipagtulungan sila sa iyo upang matiyak na makuha mo lahat ng pag-aalagang kailangan mo.

Kung mayroon kang nakatakdang paggamot at nagpapalit ka ng mga planong pangkalusugan, tawagan agad ang iyong bagong Cal MediConnect na plano. Sabihin sa planong pangkalusugan ang tungkol sa paparating mong pagpapagamot upang makipagtulungan sila sa iyo.

- **Kung nagpapatingin ka sa isang doktor na hindi bahagi ng network ng planong pangkalusugan,** maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na ito hanggang anim na buwan kung sumang-ayon ang doktor sa mga rate ng bago mong plano at walang mga isyu sa kalidad.
- **Kung ikaw ay nasa isang nursing home ng Medi-Cal,** ang Cal MediConnect na plano ay makikipagtulungan sa iyo at sa iyong koponan ng pag-aalaga upang makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo. Maaari kang manatili sa iyong nursing home.

4. **Ano ang magagawa ko kapag sumali ako sa isang Cal MediConnect o PACE na plano at hindi ko ito magustuhan?**

Sa alinmang buwan, maaari kang umalis sa pagkaka-enroll mula sa Cal MediConnect o PACE at bumalik sa regular na Medicare na plano o isang Medicare Advantage na plano. Upang gawin ito, tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272 (TTY: 1-800-430-7077), o sabihin sa planong pangkalusugan na nais mong umalis sa plano. Matutulungan ka ng planong pangkalusugan na gawin ang pagpiling ito.

- Tandaan na naka-enroll ka pa rin sa planong pangkalusugan para sa iyong mga benepisyong Medi-Cal. Ang pag-alis mo sa pagkaka-enroll ay makakaapekto lang sa paraan ng pagkuha mo ng iyong mga benepisyong Medicare.

5. **Ano ang Long Term Services and Supports? Paano sila gagana sa planong pangkalusugan?**

Ang Long Term Services and Supports (LTSS) ay mga benepisyong Medi-Cal na nakakatulong sa iyo sa mga patuloy na nagaganap na mga personal na pangangailangan sa pag-aalaga. Sa isang planong pangkalusugan, ang mga serbisyo at suportang ito ay gagana katulad ngayon.

Makikipagtulungan ang iyong planong pangkalusugan sa iyong mga doktor at mga tagapagbigay ng LTSS. Kung hindi mo makuha ang mga serbisyo ngayon, matutulungan ka ng iyong planong pangkalusugan na makuha sila sa hinaharap kung medikal silang kailangan.

- **In-Home Supportive Services (IHSS):** Mga personal na serbisyo sa pag-aalaga para sa mga taong kailangan ng tulong upang ligtas na mabuhay sa mga tahanan nila.
 - ▶ Kung nakatanggap ka ng IHSS, hindi magbabago ang mga serbisyo mo. Maaari mong mapanatili ang iyong mga tagapagbigay ng IHSS at maaari ka pa ring mag-hire, paalisin at pamahalaan ang mga tagapagbigay mo. Tatasahin pa rin ng IHSS social worker ng county ang mga pangangailangan mo at aaprubahan ang oras mo ng IHSS. Mananatiling pareho ang iyong mga karapatang mag-apela. Kung nais mo, maaaring makipagtulungan ang iyong planong kalusugan sa iyo at sa iyong mga tagapagbigay ng IHSS upang matiyak na makuha mo ang pag-aalagang kailangan mo.
- **Community-Based Adult Services (CBAS):** Ito ang mga pang-araw na mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan sa mga sentro na nagbibigay ng nursing, therapy, mga aktibidad at mga pagkain para sa mga tao na may ilang hindi gumagaling na kalagayan sa kalusugan.
 - ▶ Kung saan makukiha, ang iyong planong pangkalusugan ay makikipagtulungan sa iyo at sa iyong doktor kung kailangan mo ang serbisyo ngayon. Kung nakatanggap ka ng CBAS ngayon, hindi magbabago ang mga serbisyo mo.

- **Multipurpose Senior Services Program (MSSP):** Ito at mga serbisyong koordinasyon ng lipunan at pag-aalaga ng kalusugan para sa mga taong nasa edad na 65 at mas matanda.
 - ▶ Kung nakakatanggap ka ng mga serbisyong MSSP, matatanagap mo pa rin ito sa pamamagitan ng iyong kasalukuyang mga tagapagbigay ng MSSP. Makikipagtulungan ang iyong planong pangkalusugan sa kanila upang mas mabuting ayusin ang pag-aalaga sa iyo.
- **Pag-aalaga sa nursing home:** Makikipagtulungan ang iyong planong pangkalusugan sa iyong doktor at nursing home upang bigyan ka ng mga parehong serbisyo na nakukuha mo ngayon at para mas mabuting maayos ang pag-aalaga sa iyo.

6. Hindi ako gumagamit ang anumang mga benepisyo ng Medi-Cal Long Term Services and Supports. Bakit dapat akong sumali sa isang planong pangkalusugan?

Ang dahilan sa pagpiling ito ay upang mas maaayos nang mabuti ang iyong mga serbisyong Medi-Cal. Kung kailangan mo ng Long Term Services and Supports, tutulungan ka ng planong pangkalusugan. At, sa planong pangkalusugan, makakakuha ka ng transportasyon papunta sa mga medikal na appointment at tumawag sa isang 24-oras na linya ng payo ng nurse para sa tulong. Babayaran ng mga planong pangkalusugan ng Medi-Cal ang anumang ekstrang gastos ng Medicare na binabayaran ng Estado ngayon, katulad ng iyong mga maibabawas.